V
THE VILMA MAGAZINE
DECEMBER 2006 NO.9
THE GLAMOROUS LIFE OF MS. VILMA SANTOS RECTO!
10 QUESTIONS FOR CARLA
CHRISTMAS WISHES NG MGA VILMANIANS
MGA SEQUEL MOVIES NI ATE VI
FOR YOUR CONSIDERATION
Happy Holidays

{ e-mails } From around the globe

About Issue No. 8

I just want to say thank you (to Rante Acheta) for sharing his story sa ating Vilma Newsletter and congratulations din at nanalo pala ang istorya mo sa abs-cbn. Ang ganda ng kwento mo, wala nga namang impossible sa isang taong nagsisikap. My heart felt for you Rante, ang bait mong anak, ang bait mong kapatid. Look at you now unti unti nang natutupad ang mga pangarap mo sa pamilya mo. I'm so happy for you. While reading your story gusto kitang yakapin dahil naawa ako sa'yo but in the end gusto kitang palakpakan dahil sa achievements mo na pinaghirapan mo. Take care.

Julie Haglund
Sweden

Once Again, my congratulations for a job well done. You are just great kapatid. You are an artist and i salute you for that. Masanting talaga. Keep it up dear friend. I was reading it last night till 1.30 at di ko mabitawan talaga. Its worth it of all my puyat at kung ganito ang dahilan ng pag-pupuyat di baleng mapuyat na ako gabi-gabi. Di ba kuya fr. J. And I also want to congratulate all contributors. Lahat talaga ng mga articles ay maganda ang pagkakasulat. Wala akong itulak-kabigin. And I like the Essay ni Rante. Congratulations talaga sa inyo, Mar, Willie, Eric, Alan, Charles, Ed, Franco, Fr. J. (may nakalimutan pa ba ako?) at sa lahat ng mga vilmanians na sumulat ng kanilang Memoirs.
Maraming Salamat.

Liam Tayag
Manila

Anong kaek-ekan na naman ang pinakulo n'yo? Anong newsletter ba ito? Paki-check mo nga ang mga grammar n'yo! Iisa lang ang superstar at iyan eh si Nora Aunor wala ng iba! At ginaya n'yo pa ang book namin about Memoirs of Noranaians, wala kayong originality! Itigil n'yo na ang kabaliwan n'yo at ilusyon!

Meng Garcia
Saudi Arabia

(Too bad, we're back in business...Hope to hear from you again! LOL! - Rendt)

THE VILMA MAGAZINE

Published quarterly by Members of the four Vilma Santos e-groups.

Editor
Rendt Viray a.k.a. Marcus Peter Lee

Columnists
Willie Fernandez
Franco Gabriel
Mar Garces
Charles Gomez
Father Juancho Gutierrez
Eddie Lozano
Eric Nadurata
Allan Trambulo

To meet the Vilmanians around the globe, visit our Yahoo E-groups:

VISION
Vilma Santos
VSR
VSCanada

Pictures Courtesy of:
Willie Fernandez,
Liam Tayag

HOW TO REACH US:
For submissions, comments, suggestions, contributions, past issues, or to if you want to be included in our mailing list,

e-mail us: vilmasantosnewsletter@yahoo.ca

December 2006

FEATURES >>>

07 | FEATURE | LUIS AND RYAN CHRISTIAN, VILMA'S LUCKY CHARMS BY WILLIE FERNANDEZ

08 | FEATURE | RALPH AND VILMA, A TANDEM MADE IN HEAVEN BY WILLIE FERNANDEZ

10 | FEATURE | VI-BOYET TANDEM, SUBOK NA MATIBAY...SUBOK NA MATATAG BY WILLIE FERNANDEZ

15 | FEATURE | VSR BY KRISTINE LOMEDA

24 | COVER STORY | CHRISTMAS WISHES

28 | COVER STORY | BAKIT MADALING MAHALIN SI VILMA NI RENDT VIRAY

32 | FEATURE | GAY KA NA BA? NI MAR O GARCES

33 | FEATURE | VI AND BOT - SWEET SIXTEEN BY WILLIE FERNANDEZ

20 | FEATURE | MGA SEQUEL MOVIE NI ATE VI BY RENDT VIRAY

26 | CENTREFOLD | THE GLAMOROUS LIFE OF MS VILMA SANTOS RECTO

30 | ACCESS EVENT | NATIONAL PRAYER IN LIPA

31 | ACCESS EVENT | STAR AWARDS FOR TELEVISION

41 | ISTATISTIKO | VILMA SANTOS BY WIKIPEDIA

43 | FEATURE | VILMA'S IMPERATIVE PERSONALITY BY KRISTINE LOMEDA

49 | COVER STORY | FOR YOUR CONSIDERATION BY MARIO O. GARCES

51 | FEATURE | TO VI OR NOT TO VI BY KRISTINE LOMEDA

DEPARTMENTS >>>

02 | E-MAILS | AROUND THE GLOBE

04 | EDITORYAL | RENDT VIRAY

05 | OPINYON | BOBBY LOPEZ

06 | SPECIAL RE-PRINT | FROM THE PRESS

09 | LETS BE FRANC | FRANCO GABRIEL

12 | WILLINGLY | WILLIE FERNANDEZ

13 | VISION | ALAN TRAMBULO

14 | UMBRA ET PENUMBRA | MARIO O GARCES

16 - 17 | VITS AND PIECES | STAFF

18 | SINCERELY YOURS | FATHER JUANCHO GUTIERREZ

22 | ALAM MO BA | ALFONSO VALENCIA

26 - 27 | GALLERY | THE GLAMOUROUS LIFE OF VS

38 | AT IBA'T IBA PA | RENDT VIRAY

42 | VILMANIAN | EDDIE LOZANO

44 | FLASHBACK MOVIE REVIEWS | FROM THE PRESS

46 | FEATURED VILMANIAN | MPL

51 | SPECIAL RE-PRINT | FROM THE PRESS

{ editoryal }

"Ang Pagbabalik"





In a short period of time we created a product that is become unique, wala pang nakakagawa ng ginawa natin. From scratch, nagtugma-tugma ang lahat mula sa iba't ibang bahagi ng mundo upang gawin ang Vilma Santos Newsketter. Ito ay bunga ng pagmamahal ng lahat kay Ate Vi. Ang nagdugtong dugtong sa atin ay ang iisang pagnanasa na magkaroon ng babasahin na magdidiwang ng mga karangalan na nakamit ni Ate Vi at mga karanasan natin bilang tagahanga niya, Katulad ng karanasan natin kapag nakikita natin si Ate Vi, naging kapanapanabik rin ang bawat issue ng ating munting newsletter. Kalaunan naging Vilma! na lang ang pangalan nito. Maraming nakapuna nito. Maging ang mga manunulat sa ating bansa ay binanggit at sinulat ang ating munting babasahin, Maging ang kabilang kampo ay inintriga tayo at pawang mga pangkutya't panlalait ang nakuha nating e-mails sa kanila, Nakawalo na pala tayong issue bago nangyari ang pagkapagod ko bilang tagapamahala n'yo. Kung minsan naiisip ko na dahil sa desisyon ko na itigil na ito'y binigo ko kayo at si Ate Vi. Anong nangyari? Pagod at ang mga hindi ko maiiwasang problema sa pribado kong buhay. Pagkatapos ng mga sigalo't naisip ko bakit ko hininto ang bagay na nagdudulot sa akin ng ligaya. Ang pagiging Vilmanian ko ay nasa dugo ko't isip! Nagdudulot ito ng tamis ng ligaya. Ang sinimulan ko na munting newsletter ay unique dahil kakaibang ligaya ang dulot nito sa akin at sana sa mga Vilmanians. Kung kaya ilang buwan na lang o araw bago matapos ang taon, binulabog ko na naman ang mga kakosa natin at sinimulan ang pagbuo ng bagong babasahin natin, Ang pagbabalik, ang bunga, ay V, V Magazine. Kung si Oprah Wimfrey may O Magazine, si Ate Vi ay may V magazine. This time, tulad ng suggestion ni Kuya Eric (Nadurata), quarterly na lang ito (so every three months) at medyo makakahinga tayo ng kaunti at mapapaghandaan natin ang bawat issue nito. Is this comeback for good? Ang tanong, ang sagot, YOU BET!

Rendt Viray

Aka Marcus Peter Lee

Rendt Viray AKA MPL
Is based in London, ON Canada.

{ Opinyon }

"Dos vs Siete"

By Bobby Lopez

I am realy puzzled why some people kept that level of interest. the luring? the power? the fanaticism? psycho factor maybe... nuong di pa uso ang cable TV, Dos ang namamayagpag dito sa lugar namin. Ang Syete ay very hazy kaya walang tyaga ang manonood. at naalala ko yung stage set ng "Yan Eh" ni Vilma sa Dos (?) ay may dalawa lang halamang palmera sa magkabilang sulok, tila yata sumobra sa tipid. Contrary, sa "Vilma!" ng Syete ay talagang ginagastusan, sa stage setting pa lang ay bigalou at bonggakea na. Ang masasabi ko lang ay "ang gandwah!" and only years ago, i felt sorry to those who gave their lives for a Kapamilya show! What a horrifying sacrifice to a god (Willie R) of entertainment and money! needless to blame anybody, nobody wanted that to happen, I just said to myself. And for just a year or two, ang mga kapamilya ko dito sa bahay ay naka tuned-in ang TV sets sa Kapuso. Ang gusto nila'y sa pagbukas ng TV ay sa Syete agad. And even my bitchy and shalalang bebang na mahilig sa syete picados (tsimuks) na laglag underwear kay Richard Gutierrez ay laging nakatutok sa Syete. Pero ako naman ay sa National Geographic, para sa batang may laban. Ang lahat ng Kapamilya ko'y mga tunay na Kapuso, ka-lapay, ka-atay... paatay-atay! At kahit na sa tindahan ng mashubang si Aling Lukring na kalapit bahay namin ay sa Syete pa rin. Bibili lang ako ng suba ay sasabihin pa sa'kin na, "teka muna, pag nag-commercial na, si Angel Locsin yan." ulk! At kahit sa clinika na aking pinag-tulian at ng anak ko ay sa Syete pa rin. Pero naiiba naman ang kay Aling Akang na may pwesto sa palengke na binibilhan ko ng masarap na binuntisang palaka... numero uno syang tagahanga ni Willie Revillame, Dos lang ang dyos-dyosan nya. Several months ago, i was talking to my kumare over the phone at the time when MMK's regalo was about to be televised. I told her to tune-in on Dos to watch MMK. She vehemently replied, "sorry pare, I am a kapuso, no fan of Korina and her siopao-shaped cheeks!" huh!!! only when i said that it was Vi's episode that would be shown sa MMK, ay saka pa lang sya sumang-ayon. I'm sure she didn't mean to be rude or anything, she's just being her usual playful self. Bilog nga naman ang mundo. minsan nasa ibabaw, minsan nasa ilalim. Syete ngayon ang nasa ibabaw ng Dos. Hindi po umiibabaw sa kung sino, hehehe... Dahil sa network wars ng Dos at Syete, kanya-kanyang kampihan. Fans are always at loggerheads with each other, it is as old as Philippine Culture... and who the hell cares kung sino ang numero uno! We live in a pathologically dissatisfied nation... Because we love to compare. And most fans thought the most sinful thoughts, yet they say their bedtime prayers. They tried to live with fame for long. They played host to shame. Oi pls lang, wag kayong mag-away-away... Nagmumukha kayong mga engot! Just kiddin.. And the only good thing that comes out from that discordant temper among fans is that the public now knows better to see the real picture. Network rating wars bring the best out of tv programming quality. Personally, I watch both networks. It's much better to have choices than none at all. It doesn't really make a difference to me kung Dos or Syete yon. Pare-pareho lang naman ang hinahain nilang putahe. Di ba fans of Dos and Syete are accusing one another of leeching on networks' originality and creativity? Pareho lang naman silang gaya-gaya at nanggagaya sa iba pang networks. But Noel (DeGuzman), in obeisance with your request to choose a TV station, I am veering more towards Kapuso, I like more of their programming. I myself is not familiar with the exact ratings and I'm not saying that it is based on facts, but I personally believe that Syete is number one ngayon. Everybody loves a winner... GMA 7 still leads the rating game. I want Vilma Santos to be viewed by a great majority of TV viewers. At ako rin, I love to see her as a TV talk show host ala Oprah Winfrey which would also feature celebrity interviews and discussions of social, relevant and current issues. Bagay na bagay sa kanya yon, Vilma is a well-respected, multi-talented and Philippines' greatest actress of all time. She is a constant source of surprise and her presence always excites everyone. She has a good sense of humor at kay gandang humalakhak. Her talent so immense, her intellect so mighty, her speech so silver-tongued. She is so dearly loved in the industry... the best compliment one can receive is when her peers are the one heaping praises. Vilma may not always get a trophy but she's always a winner... in whatever she does, she does her best and she does it with integrity. Anyway, Christmas is fast approaching & the year is nearing its end... rest assured that my opinion is in the spirit of fairness kuno and fun. Pero ang importante Noel, you are in great shape. Sori, I sometimes tend to make kalimot to thank you for all the things you've done in the group. labshoo cutie babe, no matter what.

BOBBY

SPECIAL re - P R I N T

The Superstar at 18
Vilma Blooms

by Ricardo F. Lo The Sunday Times Magazine - Dec. 5, 1971

"Ay naku, musmos pa 'yan talagang mahilig na sa drama!" And Mrs. Milagros Santos (or Mommy Santos, as she is fondly called by die-hard fans), mother of Superstar Vilma, proceeds to relate how her darling daughter religiously followed her favorite soap-operas on the radio in her off-school hours, imitating the airlane actresses later on when the family gathered at the sala. "Umiiyak pa 'yan," Mommy Santos goes on, "and she really cried real tears." Of course, Vi's histrionic potentials didn't escape the attention of her teachers in school. Everytime there was an affair on the campus, she would be there on stage, either delivering a declamation, singing a song or making like a little Rosa Mia in a drama skit. One day in 1962, eight-year old Vi tagged along with her uncle Amaury Agra (a cameraman) to the Sampaguita Studios to watch her favorite actresses and actors act before the cameras. Doc Perez saw her and was so fascinated by Vi's lovable ways that, there and then, he let her play one of the two waifs in the tearjerker, Anak, Ang Iyong Ina!, a Lolita Rodriguez-Luis Gonzales starrer, afilming at that time. "Doc didn't even give me a screen test," Vi cuts in. Days later, during a shooting lull, Vi wandered around the huge studio and found herself in the office of Doc Perez where some 800 tots were being tested for the title role of the next Sampaguita film. By accident, Vi got into the contest and walked away with the coveted role hands down. "Doc asked me to cry, umiyak naman ako," Vi recalls, "he asked me to laugh, tumawa naman ako ng husto, ganyan. He asked me to do many other things. He must have been impressed dahil he assigned the role of Trudis Liit kaagad to me." That was how Vilma Santos broke into the big screen. "My real name is actually Rosa Vilma Santos. Pero sabi ni Doc, there were several Rosa's in the movies already, may Rosa Mia, may Rosa Rosal, may Rosa Aguirre, so he decided to drop Rosa from my name."

For four years, from 1962 to 66, there was hardly any tearjerker without Vilma Santos in the cast. A born actress, she was very precocious and had a notably alacrity for giving in to what her roles demanded. She absorbed difficult and emotion-filled dialogues with ease and acted her parts very naturally. As a child actress, she chalked up more than a dozen movies and had ably pitted acting talents with such drama stalwarts as Eddie Rodriguez, Marlene Dauden, Lolita Rodriguez and Luis Gonzales. "I have two favorite pictures as a child actress, " she says. "ang isa 'yong Trudis Liit nga and the other is Ging where I portrayed the role of a child actress. When I saw the first movie sa sine, I cried because I pitied myself in the movie, kawawa kasi ako doon, e. It was s sob story you know, at kahit siguro ikaw maiiyak ka rin. In Ging, nahirapan ako ng katakut-takot because it was heavy drama. Pero it gave me a very good chance to really act dahil it had a little of everything, a little drama, a little musical, a little comedy, a little of marami pang iba." She had to stop appearing in the movies after finishing grade school. "I wanted to concentrate on my studies, that's why I enrolled at the St. Mary's Academy. I wanted to take up Fine Arts after graduation. I loved to paint noon, you know, pero ngayon, hindi na masyado." But once an actress, so the saying goes, always an actress. Vi was in her third year high school when she felt an irresistable itch to work again before the cameras. At first, her parents (Mr. and Mrs. Amado Constantino Santos) were reluctant but a compromise was reached: no shooting during her class schedules. By this time, Vilma was growing up to be a lady. This was mid-1969. The advent of 1970 brought new prospects for Vi and her young colleagues. Susan Roces and Amalia Fuentes had got hitched and there was some sort of a "search for another queen" in local filmdom. Because she had a strong public appeal and very endearing ways with her legions of followers (Vilmanians!)Vi was easily considered a possible successor to the throne left vacant by Susan and Amalia. But she had a rival in the person of Nora Aunor. "There's realy no personal rivalry between us," she assures. "Friends kami, e." It was when she got paired with Edgar Mortiz (Vi's boyfriend on and off the camera) that Vi's star shone doubly brighter in the movie firmament. The team up also did good to Edgar. First paired in Sampaguita's Young Love (where they appeared with Nora Aunor and Tirso Cruz III), Vi and Edgar have now finished more than two dozen films, all of them veritable box-office hits. The two are under contract with Tagalog Ilang-Ilang Productions but they have an option to make pictures with other outfits

(Turn to page 45)

{ feature }

Luis and Ryan Christian... Vilma's Lucky Charms

by Willie Fernandez

Vilma Santos is not just a super-celebrity and Star for All Seasons.She's a wife to Senator Ralph Recto, a revered mayor on her last term of service in Lipa City and mom to 25-years old Luis and 10-years old Ryan Christian. Just like her movie career, Vilma's personal life is punctuated by several highs and lows. So many times she had loved unwisely in the past but when dashing Edu Manzano came along, Ate Vi thought that just like in fairy tales, they'd live happily ever after. Incompatibility, however, set in, and after several futile years of trying to save their marriage, they separated. But Ate Vi knew no greater joy when Luis Phillipe was born on April 21, 1981 at the Cardinal Santos Memorial Hospital in San Juan, Metro Manila. Busy though she was at the time, the actress tried her best to grow up with her son. Whether shooting, taping or doing live appearance, Ate Vi always take Luis along with her not wanting to miss any word, or gesture, any cute trick he was learning in his growing years. Many of us can remember Luis as the little boy who sometimes used to visit her mom on stage on VIP, and as the "Lucky" who Ate Vi always showered with "I Love You's" at the end of every show. Because of its frequency and breath of reach, it became a household byword and the line has become a part of showbiz history. Since then, saying "I Love You Lucky!" over and over again to her son was certainly also a source of healing and strength for Ate Vi in a time of post-crisis. After all, she did consider him her lucky charm. Luis came into the world just as Ate Vi was recovering from below-negative financial fiasco. Now, she addresses him plainly as Luis. The greatest triumph, Ate Vi had her current marriage with Senator Ralph Recto. "My first marriage failed, but on the positive side. Edu and I are friends and I have Luis with me. I had a second chance with Ralph. Then I had a problem giving him a child, yet God gave Ryan to me for Ralph." Ate Vi states. Ryan Christian was born on March 29, 1996 at the Makati Medical Center. She tutors Ryan on his school work. Personal na tinututukan ni Ate Vi ang pagtuturo ng leksyon sa bunsong anak. Di lamang may bonding ang mag-ina pagdating sa paggawa ng assignment bagkus ay natututo pa ito ng husto dahil may kaakibat na touch of love ang pagtuturo ng aktres ng lessons sa anak. Kaya naman buong pagmamalaki ni Ate Vi na nasa top 5 si Ryan sa kanyang klase sa La Salle. Typical stage mother si Ate Vi kay Ryan kahit na sa pagdeliver nito ng lines if he has to recite a poem and oration, proud mother ito. "So with Luis and Ryan Christian, I am a friend. When I'm mother, they know I'm a mother. Pero puwede rin akong ka-conchaba nila. Minsan nakikipag-chismisan din ako. We can talk about anything under the sun". Surely, there is only one word Luis and Ryan Christian would use when it comes to describe their mom, "PERFECT!"

{ feature }

Ralph and Vilma...a Tandem Made in Heaven

Ni Willie Fernandez

Who says showbiz and politics don't mix? It does very well in the case of Vilma Santos and Ralph Recto. Not only did the Star for All Seasons marry a man who became a congressman and senator, but she herself is now actively involved in politics in her last term as the Mayor of Lipa City. Theirs is a match made in heaven. For Ate Vi, their relationship has always been an open book. Pagkaba-haba man daw ng prusisyon, sa simbahan din ang tuloy. After seven years bilang magkasingtahan, binindisyunan na rin ng simbahan ang relasyon ng Star for All Seasons na si Vilma Santos at Senator Ralph Recto. Paano nga ba nagsimula ang kanilang makulay na romansang for a while ay nagsilbing isang tandang pananong sa mga tagahanga ni Ate Vi? Hindi sinasadya ang pagtatagpo ng landas nina Ate Vi at Ralph. Malungkot ang mga gabi noon ng Star for All Seasons. That was the time that she felt she was more than depressed and empty because of a lost love, si Edu Manzano. 'Yung 'yung mga gabing nagmumukmok lang si Ate Vi sa kanyang kuwarto ay halos ayaw lumabas.Isang gabi niyaya siya ng mga kaibigang yumaong si Charito Solis at direk Marilou Diaz Abaya na magdisco. "Nag-disco kami sa Kingkong Disco House, somewhere in Quezon City, na dating pag-aari ni direk Malou." Ate Vi reminisced. So there,she was chatting and laughing with friends Marilou, Charito, Mario J. de los Reyes and Charlie Peralta. Then a tall, mestizo guy approached the actress and introduced himself. "Excuse me, my name is Ralph Recto. May i have this dance with you? At any rate, Ate Vi politely declined his invitation and told him na puwede silang magsayaw later na lang. "Then siguro, mga bandang alas dos ng madaling araw, lumapit ulit siya.Sabi niya," Perhaps, we can dance now." Sa pag-uudyok ni Tita Chato, pinagbigyan na rin ni Ate Vi ang tisoy na binata. And so, the reluctant Ate Vi danced with Ralph. "The song being played then was not a romantic one. It was a fast number." Ate Vi recalled. And the rest, so they say, is now a history. Hindi sinasadya ay nagbunga ng isang magan- **(Turn to page 48)**

{ Lets be franc } Franco Gabriel

Interview w/ Jojit Paredes

Jojit Paredes was one of Ate Vi's leading men during the '70's.

Franco Gabriel: Who is Jojit Paredes before entering Showbiz?
Jojit Paredes: A regular student of De La Salle University.

FG: How were you discovered?
JP: I was a member of a band compose of Paredes clan, that includes Jim Paredes of Apo Hiking Soc., we usually performed in College Campuses. Doon ako nagumpisa, tapos nag-form kami ng "The two of us", kami ni Ronnie Henares. One time, we were invited to perform on TV, at naulit yon, maraming nag-request for our guesting, nag-click kami ni Ronnie. I was discovered by Freddie Cochran, siya ang naglapit sa akin sa ABS-CBN, before I knew it ay member na ako ng "The Sensations".

FG: Doon mo ba unang na-meet si Ate Vi?
JP: No. That was not the first time I met her. Actually, I know her way way back when she was only 8 or 9 years old, pumupunta sila sa amin. Kasi regular customer ng Mother ko ang Mama niya sa ready made clothes, yun kasi ang business ng Mother ko noon sa Rustans. I was about 10 or 11 years old then, and while her mom is making the selection of cloth, iniiwan naman niya si Vilma sa living room namin. Minamasdan ko siya, ang ganda-ganda ng mukha niya.

FG: What was your first movie?
JP: Super Gee with Nora Aunor.

FG: Can you tell us your unforgettable experience while filming Tok tok Palatok with Ate Vi.
JP: Maasikaso sa set, malambing, mabait lalo na sa maliliit na crew. Doon kami nagkaroon ng bonding when we were doing that film. Mabuting tao talaga si Vilma, she has a good heart and always willing to help others. We became very close, di ko makakalimutan na minsan ay nag-drive ako ng 3 hours just to see her.

FG: Wow, nanligaw ka ba sa kanya?
JP: No comment.

FG: Favorite scene mo sa Tok, tok palatok?
JP: Nung malaman kong may kakambal na ahas si Vi. Kwela yon.

FG: May copy ka ba ng Tok tok palatok?
JP: Wala. How about you?

FG: How do you describe Vilma Santos?
JP: Let's split it up into two. Personality and how she relates to others. Personality wise, mabuting tao siya, she is so trusting to the extend that it becomes disadvantage on her part , she trusted people so much. About relation to others, she is so approciable, a perfect politician, she's always ready to help, not skimming, she has social conscience and will do things to achieve her goal.

FG: Who is your favorite actress?
JP: Of course, Vilma Santos. Actingwise, she is so realistic, she takes on a new person to a new character. Versatile.

FG: When did you leave the Philippines?
JP: 1985.

FG: What was your last showbiz project before leaving the country?
JP: I produced Germside hosted by German Moreno. Then, another producer bought it and changed it to Germspecial, then, GMA-7 bought it and changed it to GMA Supershow.

FG: What is your job now?
JP: Para Legal.

FG: Last question, naging girlfriend mo ba si Ate Vi?
JP: No comment, baka ma-misinterpret.

Franco Gabriel is based in California, USA. He is big fan of Ate Vi.

{ feature }

Vi-Boyet Tandem, Subok na Matibay...Subok na Matatag

by Willie Fernandez

Ang tambalang Vilma -Boyet ay pinagtibay ng panahon. Hindi basta-basta na maigugupo ng kahit sino o ng kahit anong tambalan. Tulad din ng alak na habang tumatagal ay lalong sumasarap. There have been many loveteams in Philippine cinema but the tandem of Vilma Santos and Christopher de Leon has chalked up the longest list of movies that have been given awards and made good records at the box-office. Until now, their tandem has been unsurpassed. Their loveteam is the most enduring tandem in local cinema. Siguro may iba pang loveteam na nakagawa ng mas maraming pelikula kaysa sa kanila like during the height of the Vi and Bot and Nora -Tirso but theirs did not span decades, nakakaahon lang sila within the short period of time at the height of their popularity. Hindi man naging magkapalad sina Vi at Boyet bilang lovers sa tunay na buhay ay nagklik naman sila sa masa bilang lovers sa pelikula. Matatandaan na sumibol din ang tambalang Nora-Boyet noon sa pelikula at kapag-daka'y nauwi sa totohanan. Sa kabila ng katotohanang ito ay hindi gaanong tinanggap ng publiko ang kanilang pareha sa puting tabing. They were first paired in 1975 in Celso Ad Castillo's Tag-ulan sa Tag-araw, as first cousins who fall in love with each other. With the success at the tills of the movie, sinundan pa ito ng sunud-sunod na pelikula that crossed over the 80's, the 90's and up until this new millennium. Ilan sa mga pelikulang ginawa nila sa bakuran ng Sampaguita Pictures na mahirap malimutan ay ang Masarap, Masakit ang Umibig, taong 1977 kung saan ka-triangle ang sumisikat na aktor noong si Mat Ranillo. Sinundan ito ng Nakawin Natin ang Bawat Sandali ng VP Pictures , taong 1978 na pinamahalaan ng batikang director na si Elwood Perez, Disco Fever; (a rare Vi-Boyet musical); at Ikaw Ay Akin (with Nora Aunor megged by the late Ishmael Bernal). Nang kalagitnaan ng taong 1980, ipinadala si Ate Vi sa States ng Tagalog Ilang-Ilang boss na si Atty.Laxa para gumawa ng reunion movie with Romeo Vasques and Boyet, ang "Gusto Kita, Mahal Ko Siya". Habang buntis noon kay Luis ay ginawa ni Ate Vi ang "Pakawalan Mo Ako", taong 1981 sa direksyon ni Elwood Perez at nanalo siya ng second FAMAS Best Actress award sa role bilang babaeng idiniin ng kanyang biyenan sa pagpatay sa asawang si Anthony Castelo. Pinaka-memorable naman para kay Ate Vi ang pelikulang Relasyon na idinerek ng mahusay na Ishmael Bernal sa ilalim ng Regal Films, taong 1982.Sa pelikulang ito nagtamo ng kanyang unang grand

slam si Ate Vi bilang Best Actress sa lahat ng award giving bodies. Later,kinuha ang serbisyo ng aktres ng Viva Films na katatatag lamang noon at ginawa nila ni Boyet ang isang commercial hit movie na "Sinasamba Kita". Komersyal na komersyal ang dating ng pelikula ito na hindi lamang umani ng tagumpay sa takilya, kungdi pati na rin sa mga kritiko. Taong 1983 nang gawin nila ni Boyet ang record-breaker na "Paano Ba ang Mangarap" kung saan papel ng isang api-apihang manugang ni Armida Siguion Reyna ang kanyang ginampanan. Sinundan naman agad ng "Broken Marriage" under Regal Films at sa direksyon pa rin ni Ishmael Bernal, ang director to whom Ate Vi is very much indebted dahil sa mga natamong best actress awards sa mga pelikulang idinirehe nito.Isa pa rin ito sa mga mahalagang pelikulang nagawa ni Ate Vi na nagbigay sa kanya ng karangalan bilang mahusay na aktres sa URIAN and of course kay Boyet bilang mahusay na aktor. Sa Viva Films sila nakagawa ng maraming pelikulang pinagtambalan dahil na rin sa isinasaad ng kani-kanilang mga kontrata. Kaya naman sa pagtatapos ng taong 1983, ginawa nila ni Boyet ang "Minsan Pa Natin Hagkan Ang Nakaraan", the only movie na namatay silang magkasama kung saan asawa siya ni Eddie Garcia sa pamamahala ni direk Marilou Diaz Abaya. Taong 1989 nang gawin naman nila ni Boyet ang Imortal na kung saan natamo ni Ate Vi ang Metro Manila Film Festival Best Actress at si Boyet naman ang tinanghal na Best Actor. Muling naulit ang kanilang pagtatambal ng taong 1991 sa pelikulang "Ipagpatawad Mo" ng Viva Films,sa direksyon ni Laurice Guillen at sa pagkakaga-

nap niya bilang supportive mother of an autistic child ay napagwagian niya ang ikalimang URIAN Best Actress award. Taong 1993, nang gawin naman nila ang award winning movie na "Dahil Mahal Kita,Dolzura Cortez" sa ilalim ng OctoArts films at sa pamamahala ni direk Laurice Guillen na nagbigay kay Ate Vi ng ikalawang Grand Slam Best Actress award. Sinundan ito ng "Nag-iisang Bituin" under Regal Films na ka-triangle naman ang mahusay na aktor na si Aga Muhlach under the helm of Jose Javier Reyes. Muling naulit ang kanilang pagtatambal noong 1997 nang gawin nila ang "Hanggang Ngayon Ika'y Minamahal" ng Neo Films na pinamahalaan naman ni direk Ike Jarlego Jr. Limang taon ang nakalipas at muling nagpugay ang kanilang tambalan sa pelikulang "Dekada '70" ng Star Cinema sa direksyon ng award winning director na si Chito Rono. Sa pelikulang ito nanalo si Ate Vi ng kanyang ika-apat na Grand Slam Best Actress. Mano Po 3, My Love is Vilma's 23rd film with Boyet kung saan nagwagi ang numero unong aktres ng MMFF, Gawad Tanglaw, Gawad Suri at Star Awards ng Best Actress awards. In most of these films, either Best Actress si Ate Vi(Relasyon, Broken Marriage, Pakawalan Mo Ako, Imortal, Ipagpatawad Mo, Dulzura Cortez, Dekada '70 at Mano Po 3) at si Boyet naman sa Best Actor (Broken Marriage, Haplos, Imortal, Ipagpatawad Mo, Dolzura Cortez at Dekada). Sa dami ng pelikulang ginawa nilang dalawa na pawang big hits at nagbigay sa kanila ng acting recognitions, hindi tuloy maiwasang itanong ng karamihan kung ano ang sikreto ng kanilang matagumpay na tambalan. "We've never been linked to each other and yet the public loves seeing our movies together. Siguro it's because we have this unbelievable chemistry. We know each other so well that tinginan lang on screen, we already know what to do to make a take very good." Ate vi relates. "Siguro yung respeto sa isa't-isa at pagiging professional ni Boyet. Kapag trabaho, seryoso siya talaga. Ang galing niyang magdala. Alam niya kung paano niya ako sasaluhin kapag nahalata niyang nawawala na ako." sabi pa ng actress-politician. In an interview, Boyet was asked why does he think his partnership with Vilma continues to thrive even after 30 years? "I just love working with Vi because she is such a giving co-actor. Hindi siya nangaagaw ng eksena. If the scene is yours, susuportahan ka niya nang husto for you to shine. You can't help but get carried away kapag siya ang kaeksena mo dahil napakahusay niya..O di ba, very well said. Ang trabaho kina Ate Vi at Boyet ay hindi kailanman nahaluan ng malisya. They have over the years worked strictly on the professional level. Off camera ay best friends sila. Sa katunayan nga, si Boyet ang unang aktor na pinagtapatan ni Ate Vi na magpapakasal kay Senator Ralph at ng kanyang pagbubuntis kay Ryan. Platonic daw ang tawag sa uri ng relasyong namagitan kina Ate Vi at Boyet in the sense na alam nila kung hanggang saan ang limitasyon ng closeness nila. Platonic dahil hindi na kailangan an0g anumang physical contact upang ipahayag ang kanilang nararamdaman para sa isa't isa. SUBOK NA MATIBAY...SUBOK NA MATATAG ang tambalang VILMA-BOYET.No other loveteam can compile such successes,award wise and box-office wise.Their tandem spells capital B-I-G-H-I-T at the box-office. Mula nang gawin nila ang first movie nila noong late 70's hanggang ngayon ay hindi pa rin pinagsasawaan at patuloy na tinatangkilik ng publiko at kanilang mga tagasubaybay na mapanood sila sa silver screen.Loveteam for all seasons,ika nga.O may hihirit pa ba?



Christopher DeLeon and Vilma Santos with director, national artist, the late Ishmael Bernal in the set of Relasyon.

{ Willingly } Willie Fernandez



Ang Alas ng Star For All Seasons

Isa sa nagbibigay ng alas sa balikat ng nag-iisang bituing si Vilma Santos ay ang kanyang mga masusugid na tagahanga whom she fondly calls "my Vilmanians". Noon,ang pinaka-alas ni Ate Vi sa kanyang movie career ay ang kanyang yumaong ama na si Papa Santos na noong nabubuhay pa ay siyang most-loved and respected showbiz father. Ang mga Vilmanians naman ngayon ang itunuturing na numero unong alas ni Ate Vi dahil hindi lang sila very supportive sa kanyang movie career,kungdi involved din sila sa iba pa niyang undertakings as Lipa City Mayor,mapacharity,social o civic. Isang pagbabalik-tanaw,noon ang mga Vilmanians ay binubuo ng sampung malalakas na grupo na kinabibilangan ng mga sumusunod:The Original Vilma Santos Organization,Solid Friends of Vilma Santos,Exclusive Vilma Santos Fans Club,Loyal Friends of Vilma,Velvet Crusaders,Special Friends of Vilma,Intl. VS Fans Club,Vilma Santos Fans Club of Binan,VS Fans Club-Pampanga Chapter,and Vilma Santos Fans Club of Davao City. Mula nang mawala sa ere ang TV show na Vilma,nawala ang sigla ng mga tagahanga ni Ate Vi.Nagalaho din bigla ang ilan sa mga fans club at di naging aktibo pa.Sa pagkakaisa ng mga aktibong Vilmanians ng Manila sa pangunguna ni Jojo Lim at iba pang kasangga,napagkaisahan nilang bumuo at magtatag na lang ng isang grupo na ngayon ay tinatawag na nila ang sariling Vilma Santos Solid International (VSSI) dahil hindi lang dito sa bansa naroon ang mga tapat na tagahanga ni Ate Vi,kungdi pati na sa iba't ibang panig ng mundo. Isang gabi,nagpatawag si Jojo ng pagtitipon sa kanyang beauty parlor para sa mga aktibong Vilmanians upang ipahayag na dapat magkaroon ng mga halal na opisyales na bubuo ng samahang VSSI.Nahalal na pangulo si Jojo Lim at pangalawang pangulo naman si Eric Nadurata. Ayon sa kasanggang Jojo,ang layunin ng VSSI ay hindi basta fans lang na tumitili at dumadalo sa shooting at awards night,nagevolve na rin ang grupo sa community services,paglalathala ng VILMA MAG,pagdonate ng mga aklat sa public library ng Lipa,pag-aalay ng pinansyal na tulong sa mga biktima ng trahedya at iba pang nakalinyang proyektong isasakatuparan sa hinaharap na panahon. Naging matagumpay ang grupo sa pagsuporta sa proyekto ni Mayor Vi ang Munting Ngiti Project , a dental mission kung saan naghandog sila ng tulong sa mga bata at nagbigay sila ng mga toothbrush,towellets at iba pa. Nagbigay din ang grupo ng halagang Php 10,000 sa mga biktima ng Wowowee stampede at Leyte tragedy.Dahil sa nakitang sipag at tiyaga ng kanyang mga Vilmanians,nag-pledge ang mabait na Mayor Vi ng halagang Php 100,000 para sa VSSI dahil naniniwala siya sa maganda at makabuluhang hangarin ng naturang grupo. Kung hindi sila mismo ang may mga proyekto ay tinutulungan nila si Mayor Vi sa mga proyekto nito sa Lipa City. Ang mga Vilmanians ang malaking dahilan kung bakit si Ate Vi ay hindi matinag-tinag sa kanyang estado ngayon bilang pinakapangunahing aktres ng local cinema. Utang niya sa mga Vilmanians ang tagumpay kung bakit tinagurian siyang "Star for all Seasons" at "QueenStar".Dahil mula pa sa kanyang Trudis Liit days hanggang sa ngayon ay patuloy siyang tinatangkilik,at wari'y hindi nababawasan bagkus nagdagan pa ang kanyang mga tagahanga sa pagdaraan ng mga taon.Ang mga dati'y silent fans and admirers ni Ate Vi ay parang mga kabuteng nagsulputan na lang at naglakas loob nang sumulpot at naging aktibo sa mga aktibidades ng aktres.Ang kanyang mga fans na nagsipag-asawa't nagkaanak na at iba naman ay nagka-apo na, ay si Vilma pa rin ang iniidolo. Kahit anong krisis ay kayang lusutan ni Ate Vi dahil laging nasa kanyang likuran ang mga Vilmanians.Sa hirap at ginhawa ay kasa-kasama ang mga ito.Sila yung umulan o umaraw,bumagyo o may unos,basta para kay Ate Vi ay nariyan sila at handang makipaglaban sa lahat alang-alang sa pagmamahal sa hinahangaang aktres.Sila yung kapag nariyan si Ate Vi ay makikita mo silang matiyagang nakamasid at nagmamahal. Kaya nga , ang inyong lingkod ay proud VILMANIAN at kapag si Ate Vi na talaga ang kaharap ko ay hindi nawawala ang pagiging fan ko.Maligaya at kuntento na ako sa mga nagawa kong suporta sa idolo ko at sa kapwa Vilmanians.I guess, mananatili akong ganito today,tomorrow and forever.Totoo yon,hindi kayang baguhin ng panahon iyon. Halos lahat ng artistang nakasabay ni Ate Vi ay nangawala na sa eksena.Yaong iba namang pretenders to the throne ay wala namang staying power,kaya kay Ate Vi pa rin ang bituing nagniningning at patuloy na namamayagpag both sa movies,television at politika.Numero Uno. MABUHAY ANG VILMANIANS SA BUONG MUNDO!I IKAW.. KAYO.. TAYO ANG ALAS NG NAGIISANG REYNA ..VILMA SANTOS.

Willie Fernandez is a professional movie writer in the Philippines, Davao City (Philippines) is his home. Willie is also one of our best house writer!

{ vision gallery } Allan Trambulo

10 Questions for Carla

Carla Cerventez, daughter of Ate Emilyn, eldest sister of Ate Vi replied to our impromptu e-mail. Just a quick note, Ate Vi considered Carla her daughter since she doesn't have one. I asked her the following questions…

1. What can you say about your Tita Vi as your Tita? As a sister to your mom & her other siblings? As a daughter to your lola? As a mother to her children, as a wife to your Tito Ralph, as a friend to her friends, as an actress, as a person & lastly as a mayor of Lipa?
Carla: "As a tita, she's like my second mom. if i have a problem na di ko masabi sa mom ko, siya muna sinasabihan ko and back up na nya ko sa mom ko=) as a sister.. she's like a baby to my mom... der was time na she's not feeling well, my mom told her na magpacheckup, she was so scared, but my mom force her to have her checkup...so they went to the hospital and the results are negative! so she hugged me and my mom.. and she said " i love you ate" my mom and i just smiled=) (sweet!)... as a daugther naman, she's very strict kay mama... sometimes kasi mama's hard headed (loves to eat sweets but she's diabetic) my tita is always reminding mama that it's bad for her! Sumusunod naman si mama sakanya =).. heheheh! As a Mom naman, she's PERFECT! She'll do anything and everything for Ryan and Luis! She's a mom and a best-friend =) as a friend naman... she's always there to help her friends.. tagal makipagusap sa phone (1hr.). As a mayor... a PERFECT MAYOR! She hates corrupt politicians! Marami naman din nakapansin sa lipa na malinis na lipa and malaki na pinagbago! I'm sure lipenos will miss mayor vi =)!!!"

2. On the scale of 1 to 10 (10 being the highest), please rate your Tita Vi as a tita to you, as a sister to your mom & her other siblings, As a daughter to your lola, As a mother to her children, as a wife to your tito ralph, as a friend to her friends, as an actress, As a person, lastly as a public servant.
Carla: "I can rate my tita 9 sa lahat=)"

3.**-What are your favorites movies (at least 5) of Tita Vi & why?**
Carla: "Sinungaling mong puso, pahiram isang umaga, anak and palimos nang pagibig."

4.-Who are your favorites leading men of Tita Vi & why?
Carla: "my favorite leading men... Aga (Muhlach), Gabby (Concepcion) and Christopher Deleon ofcourse!"

5. Do you like her to be in politics?
Carla: "50% yes... i know she's a good politician(hindi corrupt) and so that she can still help other people! 50% No... coz of the threats!"

6. Was there a time that you two have misunderstanding and if you did, how was it resolve?
Carla: " None! =)"

7. When did u realized(age) that your Tita Vi was a big star celebrity?
Carla: "5-6 yrs old =)"

8. Tell me about your experienced w/ your Tita Vi as Darna?
Carla: "Actually wala talaga coz i was small then... i just saw a pic of me and my tita na pareho kaming nakadarna costume =)"

9. Whats your bonding time with Tita Vi?
Carla: "When we workout, foodtripping and watching PDA =)"

10. Describe or tell something about your Tita Vi in 3 words.
Carla: "One word for her! PERFECTIONIST=) she wants all things to be perfect!"

Allan Trambulo is based in New York, NY USA. He is the proud owner and moderator of VISION.

{ Umbra Et Penumbra } Mario O. Garces

Who am I?

I. Who am I? I turned the Philippines upside down through my golden voice and 'masa' looks. Before diva'ish names like Diamond Star, Mega Star or Star for All Seasons, the Superstar tag fit me to a T. I had several houses, millions in the bank, friends in the upper crust of society. I was the toast of the town. I beat movie queens Amalia Fuentes and Susan Roces' box-office records and talent fees After Beatle Mania and before the Gloved One thriiled Planet Earth, Pinoys went gaga over me. I am not tall. I am Plain Jane. I came from a poor family. I was called names: baduy, tsimay, bakya, kulay uling, pandak. You name it, I got it. I took this to heart. I hurt inside bit I did not show it in public. Poor, high school graduate, puny in height, my only weapon is my singing voice. I sing from the heart. I also act from the heart. When the director says action, I become the character. I use my eyes to express grief. Grief is my cousin. Then, I remember the hurts in my life since I was young. I know pain, too. I tune in to those hurt and pain zones in my brain when I act before the camera. I feel great doing that all the time. It's so easy for me, like driving an automatic car. I can do what I wish. My body moves with the car. I didn't realize the critics like that acting style. The fame and awards came easy for me, yet still I wasn't happy. I want people to love me for what I am and not what I have. I haven't got time for the pain. I've known it all my life. There are no real friends. They all used and abused me. I lived in a different world where no one can go but me. It's my life. I got distracted. The competition is too much for me. Why should I try to fight when I know I'm the best? I know I can improve but what's the use, people are used to my innate talents. It's my life. I am me. That airport stuff. I don't know what really happened. Now everything flashes back before me. What am I doing here?. I miss home. I miss my children. I wish I could turn back the hands of time. I am trapped but what can I do now? It's too late. I should have gotten that award. It's not fair. But wait, was I fair to myself? I don't care about awards anymore. I just want to go home and start all over again. Dear Lord, I promise, I will change. Help me change. That's my Christmas prayer. Who am I?

II. Do you know me? My parents are not rich nor poor. My Dad said he has friends in showbiz. So is my Mom. The acting genes in me. Where's the mirror? I want to copy that actress I saw on TV. Oh, here's the mike. I will sing. La la la la la. I want to act. I can act, really? Oh, I want to be in the movies. I know I can make people cry, or laugh. Tita Glo she's my idol. Oh, there's Ate Nena and Ate Swanie. I am their fan. I want to be famous like them. I know this actress, I signed an autograph for her at a premier night. She's so plain looking, well, what do you know? She really sings well. I'll be damned! Really, I have a call slip for Young Love? Gosh, I finally met her. She's quiet and shy. I don't care about third billing. I can't sing as good as her anyway. But I can act and dance, and well, sing a little. I love my fans. Hey, fans, she's not my enemy and don't call me names. And don't call call her names, too. We're friends, OK? Oh, well, maybe in the FAMAS I'll beat her. Yes! I'm getting tired of the usual. I'll try this one and that one. What do you thihk, Will? Darna? Whoa, that's cool. But, but, I get embarassed showing my skin. What will my fans say? Just go for it? OK, here we go! Lost again! I did my best, I gave my all and this is what I got? I want to die! It's not worth it. I can't compete anymore! To hell! This is my life now. I'm free. I can't go on like this. "Sitting in my Nowhere Land, making all my nowhere plans for nobody." I'll try even harder. I'll listen to my friends' advice. Here I am, 43 years in showbiz. I've learned what life and servanthood is all about. I knew I could do it. My worst enemy is myself, and probably time. So many projects, so little time! Dear Lord, thank you for your blessings. I didn't realize I could achieve all of these. Successful dual careers. A loving husband and two healthy and talented sons. I can't ask for anything more. Just make me healthy, dear God so you could use me to spread joy and help the people you send my way. I'll try to balance work and rest and have regular check-ups, I promise. Give me a sign whether I should choose public service or showbiz. Both constituents need me. I'll be waiting, dear God! Do you know who I am?

Mario O. Garces is bases in New Jersey, USA. His recent writings has been published in entertainment magazines in the Philippines. (no available picture of Mar)

{ Tula at papuri } Kristine Lomeda

VSR- Very Special Remembrance

Very special date for me to remember...

I think it's approximately 6 months now since i joined this yahoo groups,

Love is shown in this family where I now belong,

Making my special day, a day to treasure for the rest of my life...

Accommodating is word to describe my family - the Vilmanian family!

Sanctuary is the word when you are with them!

Amidst my age, they accept me..

Nurturing you with their heartfelt presence,

Though you're worlds apart.

Oh My God! Is the word when you get to meet this special people...

Singing one song, with one rhythm, all for one for all, that's their policy!

Remarkable just like our idol...

Encountering such wonderful people is indeed worth remembering...

Camaraderie from the start up to the very end- that's a lifetime Commitment

To all of you my fellow vilmanians...

Overwhelming is the word to describe my feelings today and forever...

"From the start up to this day I have nothing to say but thank you… Thank you for all the efforts all of you have shown me...

The warm company all of you have given me....
And most of all the new family I have found in you...
Really, big pleasures come in small packages... why?
Because I encountered SMALL people with a BIG heart!

Indeed it was really an encounter to remember...
Friends greeting me all over the world!
People!! Can't you see? I have a new family
A family worthy of my love and my respect!

What more can you ask for? We have an idol that rolled into one-

As an actress, she always excel...
As a mayor... her reputation is untarnished...
As a daughter... her mother has the greatest daughter in town...

As a mother... there is only one thing her children can describe her-PERFECT!

As a wife... she's also on top!
Indeed it is a pleasure for me to be a part of the Vilmanian family…

And to be a SMALL part of VILMA SANTOS' BIG and MULTIFACETED LIFE!!
THANK YOU... THANK YOU…"

- KRISTINE

{ VITS }

Star Awards

Mother and son, Vilma Santos and Luis Manzano won awards in the just concluded Star Awards for Television. See Page31

Best Actress

Daily tabloid, Tempo conducted a poll about who are Philippines' top best actresses, no surprises, Vilma Santos was one of the honoree Oct. 2006

Another Award

Vilma Santos will be awarded for her fantasy films at First Pioneer Filipino Animation Awards to be held on Dec. 4 at Hotel Intercon.

Plastic Queen

"Nora Aunor tops my list of whom she opines as the most "plastic." Solis even opines that Aunor treats her fans badly." - Lolit Solis, Manila Times 11/22/06

Not Forced to Sing

"...To begin with, Mayo is not a dumb 17-year-old girl whose singing voice reminded us of Vilma Santos during the Sensations days and was forced to "sing." She is clever, charming, both witty and funny..." Mayo compared to Ate Vi By Remy Umerez People's Journal 11/20/06

Notepad: VSSI X-MAS PARTY

WHAT: VSSI CHRISTMAS PARTY
WHEN: December 19, 2006
WHERE: Citystate Tower Hotel, Ermita Manila
TIME: 8pm to 1am
ATTIRE: Semi-formal

VSSI CHRISTMAS PROGRAM:

- Invocation to be led by Eric Nadrata
- Opening dance number by Kristine & Orly, Jen & Jess and Clarisse & Nar
- Introduction of the party hosts by Prof. Ed Piano
- PARTY HOSTS: Kristine Lomeda, Jen Aquino, Clarisse Pilande & Jess Sarmiento
- (Take note: puro mga new members ang hosts sabi ni Jojo para naman daw maiba kasi baka daw may memory gap na yung mga datihan na Joke lang po!)
- Message from President Jojo Lim
- Message from Ms. VILMA SANTOS
- GAMES: Pinoy Henyo, Memory Game, Charades, Name That VILMA Tune, Guess that VILMA Film, Game Ka Na Ba?, Letter Game, Flexibility Game, VILMA Bingo Game and ALAM NYO BA? (Take note: baka isali nila si Ate Vi sa Alam Nyo Ba? Vilmanians Edition.) Ang games ay divided into three groups and after each games ay may mga raffles.
- A surprise song number by Ricki Abad
- Exchange gifts
- Picture taking with Ms. VILMA SANTOS

Say: Mayor Vi is healthy!

"No, there's nothing wrong with Lipa City Mayor Vilma Santos' health. A showbiz-oriented talk show wrongly reported that Vilma was suffering from a "cervix" ailment. The truth is that Vilma's "cervical spine" was examined after she complained of back pains which turned out to have been caused by a "pinched nerve." Nothing more serious than that. Now given a clean bill of health, will Mayor Vi run in next May's elections (perhaps for Governor or Representative of Batangas, according to rumors)? "No such plan," Mayor Vi told Funfare. "All I want now is to finish my (third) term Mayor of Lipa." - **FUNFARE By Ricardo F. Lo, The Philippine Star 11/29/2006**

POINT: ...end Charter change debate

"...STOP the divisive Charter change debate. Senator Ralph Recto, who heads the committee on ways and means, says he has the solution to bringing the feuding executive, legislative, and judiciary branches of government together. Recto, who is married to movie star and Lipa City Mayor Vilma Santos, says that instead of pursuing the highly divisive and costly overhaul of the Charter and the system of government, the administration should instead build a modern government center where Malacañang, the Senate, the House of Representatives and the judiciary will be housed in one convenient complex. Putting the offices of the three branches of government in one center -- somewhere near the Mall of Asia fronting the Manila Bay -- will foster a more harmonious relationship among the President and the Cabinet, the senators and congressmen and the justices of the courts, said Recto, who has a degree in business administration from the De La Salle University and represented the country to the World Scout Parliamentary Union. "If I were the President, I would like to have this legacy which will benefit the Executive, Congress and the judiciary and the people," said Recto in a phone interview.

Recto said the present gridlock between the Senate and the House, one of the main reasons cited by proponents of Charter change, was exacerbated by the present setup, where the Senate is located in rented office space at the reclamation area in Pasay City while the House is kilometers away in Batasan Hills, Quezon City. This is not only bad for legislation but also for interpersonal relationships and camaraderie among the lawmakers, he added. "Senators don't know all the congressmen so can you imagine if we are in one building or adjacent to each other, it would be easier to talk to each other. There will be a lot of physical interaction which is good for legislation," he said. He pointed out how former President Manuel Quezon made frequent visits to Congress during the commonwealth.

"I don't even think Malacañang should be along the Pasig River," he said. As to the "ideal place" for the future government center, Recto said the (SM) Mall of Asia would have been the perfect spot. "But the Public Estates Authority still has huge areas in the reclamation area so I think that would be a good place where you can also have a lot of open spaces and parks..." -**By Juliet Labog-Javellana "Solon seeks end to bitter Charter change debate" Inquirer 11/02/2006**

REWIND: "Relasyon" 24 Years old



24 years after its release, Relasyon remained relevant and fresh due to its social topic (the flight of many mistresses in society) and Vilma Santos' performance in this film made it possible for everyone to sympathize their (mistresses) flight. Even critics agrred Here's what one said: "...Napakahusay ni Vilma Santos sa papel ng pangunahing tauhan, isang dalagang umibig sa isang may asawa. It's one hell of a role and a heaven of a performance. Kasama si Vilma sa lahat ng eksena sa pelikula at talagang ito na ang pinakamabigat na papel na napaatang sa mga balikat ng isang local actress mula ng gampanan ni Gina Alajar and lead role sa "Salome". This time, sigurado nang mano-nominate si Vilma sa Urian (ito lamang ang award na hindi niya napapagwagihan) at malamang na ang maging pinakamahigpit niyang kalaban dito ay si Nora Aunor na very demanding din ang role sa "Himala" (na si Bernal din ang direktor). Ito'y kung matatapos ang ECP project na ito sa taong ito na sa palagay nami'y hindi kahit gusto ng ECP na isali ito sa filmfest sa Disyembre. Dinalirot ng "Relasyon" ang lahat ng mga anggulong maaaring suutan ng isang babaing nagiging kerida. Maraming madamdaming tagpo sa pelikula, lalo na ang death scene ni Christopher de Leon na tuhog ang pagkakakuha. Bagay na bagay kay Jimi Melendez ang papel niya bilang torpeng talisuyo ni Vilma. Hit na hit siya sa audience..." - **Mario Bautista, Puna at Puri People's Journal July 1982**

{ VITS }

Chanda Romero

Accepterd the best actress award in behalf of Ate Vi at the 1981 Metro Manila Film Festival for the movie Karma.

3.5

Million pesos was the gross earning of Karma, 4th overall among 10 movies at the 1981 Metro Manila Film Festival

Christopher DeLeon

Made a cameo role as the new reincarnated Ronaldo Valdez at the very end of the movie Karma.

Two in 81

Aside from the MMFF Best Actress, Ate Vi won her 2nd best actress for the movie Pakawalan Mo ako at the 1981 FAMAS.

Sweep Away

After winning 2 Best Actress in 1981, Ate Vi swept away all the best actress awards the following year for the movie "Relasyon"

New Movie

"...Early next year, Vilma will fly to New York with John Lloyd Cruz to start shooting the winter scenes of their Star Cinema (just yet untitled) starrer..." - FUNFARE By Ricardo F. Lo The Philippine Star 11/29/2006

{ Sincerely yours } Father Juacho Gutierrez

A Christmas Message

Since this issue of our V Magazine is all about the Holidays, let me share with you my reflection on what is the reason why we celebrate this season. There is no doubt that on this month, the month of the birth of Christ, Christians all over the world will be rejoicing. Our hearts will be filled with joy, peace, love and praise. The eyes of the children shall twinkle as they receive their Christmas gifts from parents, relatives, ninongs and ninangs. Families and friends will gather around the table to feast on keso de bola, pancit, lechon, inihaw na isda, puto bumbong, leche flan, bibingka and many more. Holiday music like Ang Pasko ay Sumapit will be heard from every home and radio. Christmas lights shall blink on Christmas trees. Colorful Parols in different sizes and shapes will shine outside the houses. These will be the moments that we shall always cherish and remember. Moments we shall always value. And these moments should move and inspire us to share the love, peace and joy that Christmas brings. Because it will mean nothing to us that Jesus was born in Bethlehem more than 2,000 years ago if today, we do not share the love, peace and joy with one another. It will mean mothing to us that Jesus was born more than 2,000 years ago if Christ is not born in us today in the form of love. We must love one another just as God loves us so much. God loves us so much that He did not send a n angel to tell us. God cared enough to send us the VERY BEST. God sent us His only Son Jesus. This is what Christmas is all about. This is the message of Christmas. God becoming human like us except in sin. God giving us the greatest gift of all- His greatest LOVE, his only Son Jesus. Jesus is the reason for the season. For God is love and love is God.

As we celebrate the birth of Christ, our Savior, this month, let us remember those who could not celebrate Christmas this year for one reason or another. There are countless people who live in places that are inflicted with war, violence, poverty, hunger and natural disasters like our brothers and sisters affected by the Typhoon Reming recently. For many of them Christmas will just be another day. While Christmas should be a day of rejoicing, for them it will be a day of loneliness, sadness and suffering.

I ask you my fellow Vilmanians, to make a little effort to reach out to those who are forgotten among us. Let us, as Christians and Vilmanians, share the love, peace and joy of Christmas with those who are in need of them. Let us Vilmanians in our own way bring the presence of the Infant Jesus to our homes, places of work, schools and neighborhoods. If we do so, then we will truly have a blessed and merry Christmas and a grace-filled New Year.

Mailgayang Pasko at Manigong Bagong Taon kay Mayor Ate Vi and her family, to all my Kapamilya at Kapusong Vilmanians at sa lahat ng inyong mga mahal sa buhay!

In the Infant Jesus,

Fr. J

Father Juacho Gutierrez is based in USA, and is a clergy. His regular colum will be back next issue.

SPECIAL re - P R I N T

Filipino Heritage.com Presents

Best of the Philippines: Vilma Santos, Film Actress

by: Justino M. Dormiendo

In the fickle and uncertain world of showbusiness, there is one name that has remained consistently on top fro the past two decades: Vilma Santos. Hers is an altogether exceptional case as her movie career has brought Santos both popular and critical acclaim. Even more amazing is her star continues to shine more brightly.

In 1963, a chubby, gangling nine-year-old girl was to do a film with Lolita Rodriguez and Luis Gonzales, in Anak ng Iyong Ina. An unexpected turn of events, however, found her auditioning for the lead part of Trudis Liit instead. The movie mogul, Dr. Jose Perez, of Sampaguita Pictures, who was then conducting the audition noticed the girl and thereupon commanded her to act. When she did, the producer was pleased with his find, wasting no time to cast her in the title role. That girl went on to become the first best child actress of the Filipino Academy of Movie Arts and Sciences (FAMAS).

Having hurdled her fist test, the child Santos found herself being cast in the part of the young daughter of the film's leading adult characters, as in the controversial Iginuhit ng Tadhana, where she portrayed the Marcoses' eldest daughter, Imee.

At the onset of the popular teenage love teams, who dominated the late sixties and the early seventies, Santos found a loyal screen partner in Edgar Mortiz with whom she would coo and cuddle her way through the fans' hearts and into the box office. The pair found a worthy match in the Nora Aunor-Tirso Cruz III romantic tandem, which could enviably pave the way for a long-time Santos-Aunor rivalry.

In 1977, Santos found herself gambling with her sweet and virginal image built up by studio machinery by doing the highly controversial Burlesk Queen. With maverick director Celso Ad Castillo at the helm, she essayed the role of a teenage burlesque dancer in the fifties, who, driven by economic and personal depression, danced her way to the film's grand finale – an abortion scene. That gamble certainly paid off, for soon after the film's release, Santos felt that people became increasingly interested in her and more particularly in what she could do, not as a star but as an actress worth her salt, her fans, on the other hand, could only concur in her decision to become a serious thespian. Her later movies would prove her right. In ht. In Rubia Servios (1978), directed by the top-caliber Lino Brocka, she made people take notice of her acting mettle as she effectively portrayed the harrowing experience of a rape victim. Then, she did Pagputi ng Uwak, Pag-itim ng Tagak (1978), under her own VS film outfit, in the role of a tragic heroine caught in the midst of seething social unrest. Then came the films with director Ishmael Bernal: Ikaw ay Akin (1978), Relasyon (1982) and Broken Marriage (1983). The last two films earned for Santos two consecutive best actress awards from the critics' body. This was followed by yet another award-winning performance Sister Stella L. (1984) where she did justice to the part of crusading nun who eventually involves herself with the workers' cause. Graduating into mature and radically complex roles – away from the mold of which she was typecast – Santos adamantly refused to do the same predictable roles, believing that she would be better off with the then emerging roles of liberated woman and independent minded wife, as the temper of the times so dictated. Her continued popularity in these seemingly novel roles proved that the transition was smooth, and the fans were well-prepared for it. "If I am still here," Santos says, "it must be because I am not afraid to take risks in my profession. I also owe it partly to careful planning and getting the right projects. And when I decide to take a chance, and it turns out well, then that would be great. If not, I just have to stand up again." Today, the actress is seemingly content with the way her career – and life – has turned out. She continues to get good meaty roles as evidenced by recent pictures such as Baby Tsina, Tagos ng Dugo, Ibulong Mo Sa Diyos, and Pahiram ng Isang Umaga, all of which have earned her both nominations and awards from various award-giving bodies. She continues to strike a happy balance by doing films that would please the critics and her audience of ardent admirers as well. Now the mother of eight-year old Lucky, her son by estranged actor-husband Edu Manzano, Santos has found newer challenges to keep her weekly musical show, Vilma, which has been accorded recognition by both Star Awards and the Catholic Mass Media Awards. On top of these, she produces occasional drama specials on television, directed by name directors and scriptwriters.

"My career has brought me fame, fortune, and most important of all, professional fulfillment. From the mistakes I have committed in the past, I have emerged a much stronger person," she says. If she were to live life all over again, Vilma Santos would have no qualms about becoming a movie star all over again. the fickle and uncertain world of showbusiness, there is one name that has remained consistently on top fro the past two decades: Vilma Santos. Hers is an altogether exceptional case as her movie career has brought Santos both popular and critical acclaim. Even more amazing is her star continues to shine more brightly.

{ feature }

Mga Sequel Movies ni Ate Vi

Ni Rendt Viray

Bagong taon bagong panalangin. Panalangin para maging aktibo muli sa paggawa ng pelikula ang nagiisang reyna, si Mayor Vi. Oo, imposible ang mga panalangin na ito dahil sa kanyang resposibilidad bilang mayor ng Lipa. Pero tulad ng mga katoto natin, hindi naman masama ang manalangin at humingi ng mga hiling lalo na't padating ang bagong taon. Sana ganito, sana ganoon. Kung tutuusin wala ng mahihiling pa ang reyna. Sa halos lagpas ng dalawang daang pelikulang ginawa niya meron pa bang pelikula o papel ang hindi niya nagawa? Meron pa bang mga papel na susubok sa kanyang kakayahan sa pag-arte? Puedeng sabihin na wala na nga. Nag-isip ako ng mga puede pa niyang gawin. Bakit hindi buksan ang mga dati niyang pelikula. Kung si Johnny Depp merong sequel sa kanyang Pirates of the Caribean at si Toby Mcguire merong part 2 at 3 sa Spiderman at si Sharon Stone, nagbabalik sa kanyang pelikulang nagpasikat sa kanya, ang Basic Instinct 2, bakit hindi nila gawan ng mga karugtong ang mga dating pelikula ng reyna? Kaya heto ang mga ideya na puedeng bigyang ng atensyon ng mga prodyuser.

"Anak Ni Rubia" - Puedeng si Claudine Baretto, Judy Ann Santos o si Angel Locsin ang gumanap na anak. Ang plot ng sekwel na ito ay maghihiganti ang anak ng rapist at gagawin muli ang ginawa ng ama nito sa anak ni Rubia. Paano ipagtatanggol at pro-protektahan ng isang ina ang kanyang anak? Parang Panic Room ni Jody Foster. Magiging militante si Rubia rito at ang tema ng movie ay isang suspense triller.

"**Hanggang Ngayon, Ikaw ay Akin"** - Ngayon mga ina na sila. Ang naging bunga ng pag-ibig nila sa karakter ni Christopher De Leon. Si Nora Aunor ay magkakaroon ng anak na salungat sa kanyang karakter na tahimik at masunurin, magiging rebelde ang anak niya (Judy Ann Santos) at si Ate Vi naman ay magkakaroon na anak na salungat rin sa kanyang karakter ito ay magiging isang insekyur at tahimik na anak (Claudine Baretto). Ang mga anak nila ay iibig sa isang lalaki na hindi nila alam ay anak ni Christopher na kalahating kapatid pala nila. Magtutungali muli sa pag-arte si Ate Vi at Nora. Ang pagsasalpukan nila ay meron nang dayalogo. Kung puedeng pabalikin si Danny Zialicita para magderehe ay isang malaking atraksiyon.

"Broken Mariage Ngayon" - Mga social issue na tatalakayin ng mga relasyong pag-aasawa. Ngayon ay isa nang lola at lolo si Ate Vi at si Christopher, nag-aaway pa rin pero meron na silang mga anak merong mga problema sa pag-aasawa. Naiibang pelikula ito dahil ang isyu ay kapareho ng unang pelikula pero katapat ng mga isyu ng panahong ngayon. Kasama ni Ate Vi at Chris ang mga bagong love team ngayon. At si Jose Javier Reyes ang magdidirehe para sa makabagong salin ng orihinal na pelikula ni Ishmael Bernal.

"Ang Pagbabalik ni Sister Stella L" - Lumalaban pa rin si Sister Stella L. Ngayon naman ay isa na siyang rebelde na nagtatago sa mga kabundukan at kaaway ng mga kurap na tauhan ng gubyerno. Matapos ang rehimen ni Marcos, si Sister ay nanahimik ng ilang dekada at nagtago sa kabundukan upang duon magsilbi sa mga rebelde. Bumalik siya sa siyudad upang tulungan niya ang mga tauhan nila rito. Sa pagbabalik niya ay makakasalamuha niya muli ang mga dating kasamahan niya sa pakikibaka. Sa bandang huli ay mayroong magtatankang patayin si Sister Stella L (ala-himala) pero palaban talaga si Sister at hindi siya mamatay. Patuloy siyang makikibaka hanggang sa kanyang katandaan.

For more information about the Queen of Philippine Cinema, Ms. Vilma Santos-Recto, visit Eric Nadurata's unofficial Vilma Santos Website at:

WWW.VILMASANTOS.NET

"Nakakahiya 3" - Guro na ang dating "spoiled brat" ng una at pangalawang Nakakahiya. Siya ay iibig sa kanyang istudyante na sadyang batang-bata, kung kaya "nakakahiya 3" ang titulo nito. Para siyang pelikula ni Charito Solis nuon kasama ang batang batang si Christopher De Leon. Si Ate Vi lamang ang makakagawa ng pelikulang ito dahil sa kanyang lalim sa pagganap ng isang guro na merong lihim na pagrerelasyon sa matanda sa kanya nuong bata pa ito at ngayon nga'y parang biro ng maykapal siya ngayon ay umibig sa isang bata sa kanya. Kasama ng mga isyu ng bawal ang pakikipagrelasyon ng guro sa kanyang istudyante ay ang mga isyu ng pang-sosyal at kultura. Paano mo babawalan ang pag-ibig sa kabila ng edad ng dalawang tao?

"Ang pagbabalik ni Susan Kelly" - 52 dos na si Susan Kelly at may anak na ito. Patuloy pa rin ang pagiging kawatan nito at kasama pa ang anak na lalaki na isa nang hired killer. Gusto nang manahimik sa buhay si Susan at tuparin ang pangako na magbagong buhay ngunit ang kahirapan ang kalaban nilang magina. Kungkaya gumawa sila ng plano na magnakaw ng isang malaking banko sa kamaynilaan (ala-Ocean eleven). Isang malaking aksiyon ang planong ito. Magiging matagumpay ang plano ngunit ang kapalit ay ang buhay ng anak ni Susan. Ang huling eksena ng pelikulay parang katulad ng pagkamatay ni Philip sa Baby Tsina.

"Mga Tibo at Ako" - Wala na po ang lawyer na tibo, this time si Ate Vi ay ang mama san ng mga tibong naliligaw na landas. Meron na pong bar si Ate Vi rito sa movie na ito at tinutulungan niya ang tatlong batang tibo na sina Angel Locsin, Angelika Panganiban at Sandara Park. Ang tatlong tibo na ito ay masasangkot sa isang krimen at si Ate Vi na may kuneksiyon ang magsisilbing tagapagtanggol ng mga ito. Ala-Bill Kill ang mga aksiyon scenes ng movie na ito. Sa bandang huli si Ate Vi pala ang target ng lider ng sindikato at ang misyon nila ay patayin si Ate Vi.

"Tag-ulan sa Tag-araw Part 2" - Matapos paghiwalayin si Ate Vi at si Christopher, ang planong pag-aabort ni Ate Vi ay hindi natuloy. Si Christopher ay nakapag-asawa ng isang sosyal na babae at nagkaanak. Samantalang si Ate Vi ay naging isang dalagang ina. Nagkaroon lamang ng koneksyon ang magpinsan ng malaman nila na ang kanilang mga anak ay nagkataong nag-ibigan katulad ng nangyari sa kanila nuon. Ang mga anak nila ay sina Angel Locsin at Richard Gutierrez. Ngayong mga magulang na sila, babawalan ba nila ang kanilang mga anak ngayon ang mga ito na ngayon ang nagiibigan?

"Anak ni Burlesk Queen" - Hindi pala namatay si Chato. Matapos ang kanyang iskandalong pagsasayaw at duguin siya sa entablado, dinala siya ng ambulasya sa hospital at napigil ang pagla-laglag niya sa anak nila ni Rollie Quizon. Ang setting ng pelikulang ito ngayon ay ang slum area sa Tundo kung saan si Chato ay isa nang tindera ng palengke. Pilit niyang tinaguyod ang anak na mahina ang utak ngunit maambisyon. Ang Anak ni Burlesk Queen ay si Claudine Barreto. Lilitaw sa buhay nila ang ama na si Rollie Quizon at gusto nitong hanguin sila sa hirap. Maganda na sana ang buhay ng mag-ina ngunit biglang maaaksidente si Rollie at mamaltratuhin ng ina nito si Ate Vi at Claudine at gagawing katulong. Dahil sa natikman na ni Claudine ang buhay mayaman, pumasok itong mananayaw sa isang first class ng club sa Makati. Tumutol nuong una si Chato ngunit tinannggap nito ang ambisyon ng anak. Dahil maganda pinasok ng anak ni Chato ang pagaartista at dito nasilaw sa katanyagan ang anak at naging malaki ang ulo nito. Itinakwil nito ang ina at pinalayas. Nagbalik sa Tundo si Chato, nagasawang muli at namuhay ng tahimik. Samantalay sa bilis ng pag-sikat ng anak ni Chato, at siyang bilis rin ng paglubog nito. Nasangkot ito sa isang hidden sex video at pumatol sa mga politiko. Pinandirihan ng mga tao sa pelikula at lumubog ng mabilis. Naghirap ito hanggang sa dumating ang puntong walang na siyang mapupuntahan kundi ang ina. Samantala magmula ng mag-asawa ay naging masagana ang munting tindahan ni Chato at nang bumalik anganak nito'y nang unay hindi niya tinanggap ito ngunit ng manikluhod ang anak ay lumambot ang puso nito't tinanggap na rin ang anak.

"Mama Ging" - May edad na si Ging ngunit nanatiling dalaga pa rin ito. Sa kabila ng masalimuot niyang nakaraan sa kanyang pamilya, naging isang matulungin na mamamayan si Ging. Merong siyang isang munting tahanan kung saan ang mga batang lansangan ay puwedeng tumigil. Maraming batang tinutulungan si Ging. Ang tawag sa kanya ng mga batang lansangan ay Mama Ging. Meron siyang mga tanim sa likod ng munting bahay nito at ang mga bunga sa mga tanim ang siyang ikinabubuhay ng mga bata. Binebenta ng mga ito ang mga tanim ni Mama Ging.
Merong isang lider ng sindikato na nag-tip sa polisya ng ang mga tanim ni Mama Ging ay marijuana kung kaya ito ay lihim na inimbistigahan. Sa mga imbistigasyon nakilala ni Mama Ging si Marko. Si Marko ay isang field investigator. At naging close kay Mama Ging ang polis na ito. Lihim sa kaalaman ni Mama Ging ay may tanim na marijuana ang isa sa mga
(Turn to page

{ Alam Mo Ba? } Alfonso Valencia

Na-missed nyo ba ang portion na ito? Well, nag-ipon lang po ako ng maisusulat ko. Eniwey eto na po ang ALAM NYO BA? Part 30 pero halo halo na ito....may Celebrity Edition at Vilmanians Edition.....

ALAM NYO BA?

1. Na kung magkakaapo si Vilma Santos ang gusto nyang itawag sa kanya ay momsy?
2. Na nagselos pala si Nora kay Vilma nung ginagawa ni Vilma at Christopher ang pelikulang Tag-ulan Sa Tag-araw?
3. Na gumamit ng condensed milk si Celso Ad Castillo sa kissing scene nina Vilma Santos at Bembol Roco sa pelikulang Pagputi ng Uwak, Pag-itim ng Tagak?
4. Na sinabi ni Atty Esperidion Laxa na kung sya ay magreretire bilang producer ang gusto nya ay isang Vilma Santos-Rudy Fernandez movie?
5. Na nagkaroon ng tv show sina Ike Lozada, Inday Badiday at German Moreno na may pamagat na Music Factory?
6. Na si Claire de la Fuente ang umawit ng theme song ng Halik Sa Paa, Halik Sa Kamay?
7. Na bata pa lang si Katherine Luna (Babae Sa Breakwater) ay ginagaya na nya ang akting ni Vilma Santos?
8. Na si Arnold Gamboa ay naging manager sa Island Cove?
9. Na nung early ' 70s ay naging modelo ng kalendaryo ng Fairmart si Vilma Santos?
10. Na sinabi ni JR Valentin na akala nya ay istrikta si Mayor Vi nung ginawa nila ang pelikulang D' Lucky Ones?
11. Na ang term of endearment nina Josie at Julie ay dear?
12. Na ang birthday gift ng lola, tita at tito ni Jen Aquino ay ang pagpunta sa Lipa City para makita si Mayor Vi?
13. Na seven times hinalikan ni Mayor Vi si Liam nang huling punta nila sa Lipa City?
14. Na si Kristine Lomeda ay solong anak?
15. Na suot suot ni Jess Sarmiento ang wedding ring ng father niya?
16. Na si Cora Pedro na isang teacher ay naging sagala sa Santacruzan?
17. Na si Clarisse Pilande ay dating kong officemate?
18. Na ang iskrip ni Van Manalo ay isa sa pumasok sa Cinemalaya Film Festival?
19. Na si Master Joey ay naging isang stage actor?
20. Na ang mentor ni Van Manalo ay si Nestor Torre?
21. Na si Julie ay nag-aaral ding maging teacher ngayon?
22. Na si Vilma Santos ay ayaw maka-distract sa mga awards night kaya ang ginagawa nya ay pumapasok sya pag commercial break?
23. Na sinabi ni Carlos Agassi na pwede na syang mamatay dahil nakasama na nya si Vilma Santos sa pelikulang Dekada ' 70?
24. Na nung magmisa si Father J sa St. Andrew Parañaque at nag-communion ako eh dalawang ostiya ang ibinigay nya sa akin?
25. Na si Jen ay at home na kaagad sa mga VSSI members nung una pa man lang niyang na-meet kami sa Quirino Grandstand?
26. Na si Josie ay mga matatanda ang kahalubilo sa work nya samantalang si Julie ay mga bata? 27. Na sa isang awards night ay pangalan ni Vilma Santos ang nakalagay na nanalo bilang best actress pero binura at ang inilagay ay ibang pangalan?
28. Na si Nar ay memorize ang lahat ng kanta ni Vilma Santos?
29. Na ang casts ng Wonder Vi ay pawang mga Famas awardees nung 1972?
30. Na kung sakaling matuloy ang digital film na La Independencia ay mga 10 shooting days lang at sa studio lang kukunan? So there, hanggang sa susunod....thanks...

Condensed Milk?

(Mga Sequel movies… from page 22)
alaga nitong batang lansangan at dahil rito'y nakasuhan at nakulong si Mama Ging. Idinagdag pa ng mga politiko na si Mama Ging ay may operasyong ng mga batang pang-aabuso (child slavery ring) ngunit sa tulong ni Marko at ang mga bata'y nalinis rin ang pangalan ni Mama Ging sa bandang huli.

"Hatinggabi na, Takbo Vilma Dali" - Ngayon ay isa nang profesyonal na psychiatrist si Ate Vi. Tumutulong siya sa mga polisya na i-solve ang mga crime ng mga serial killer. Ang pelikulang ito ay karugtong ng dalawang pelikula ang Hatinggabi na Vilma at Takbo Vilma Dali. Si Ate Vi ay masasangkot sa isang mamatay tao na pumapatay sa mga babae sa Ermita tuwing gabi. Sa pamamagitan ng kanyang mga pangitain at talento sa pagiimbistiga ay natuon ang pansin ng mga imbistigador sa isang tao. Ala-Hannibal at Silence of the Lamb ang treatment ng pelikulang ito.

"Buhay Artista Ngayon 2" - Isa nang tv host si Ate Vi at si Tito Dolphy naman ay isa ng direktor ng mga bold films. Kasama sina Ruffa Mae bilang laos na bold star na adik at si Ai ai De las Alas bilang isang ganid at kuripot na prodyuser. Si Ate Vi ay masasangkot sa isang iskandalo sa TV ng interbyuhin niya ang bold direktor na si tito Dolphy at i-reveal nito na merong plot upang isiwalat ang mga hidden business ni Mother Ai ai, ito ay ang pagbibili ng mga awards, video piracy at ang mga payola nito sa mga miyembro ng festival. Isang riot ng ekesena ang mangyayari ng magtagpo tagpo ang direktor, ang prodyuser at ang laos ng boldstar sa show ni Ate Vi. Magkakaroon ng pisikal na awayan at ipapasara ang show ni Ate Vi ng mga censor ngunit magbabalik naman ito bilang isang talk show na mas basura pa kesa sa pinasarang una niyang show. Magbabalik muli sa show niya si Tito Dolphy pero isa na itong aktibista at miyembro ng isang relihiyon.

"Mga Reynang Wala Pa Ring Trono" - Ang pelikulang pagsasamahan ni Ate Vi at ang megastar na si Sharon Cuneta. Parehong dating artista, ang dalawa ay nagkaroon ng nakaraan ng naging pereho silang naging girlfriend ng palikerong aktor na ang pangalan ay Bobby. Ngayon ay kapwa may asawa na sila. Pareho ring politiko ang asawa nila at parehong kandidato bilang mayor ng isang bayan sa Ilokos. Magsasalpukan ang dalawa sa kanilang mga pangangampanya. Siraan at kung ano ano pang pakulo. Sinong mananalo ang simpatikong asawa ni Ate Vi o ang batang batang asawa ni Titah Shawie?

"Pinay American Style" - Napa-deport si Ate Vi sa unang pelikula ngunit dahil sa naging asawa siya ni Christopher De Leon at sinundan muli siya nito sa Pilipinas ay nagawa nitong bumalik muli sa Amerika si Ate Vi. This time hiwalay na si Ate Vi kay Christopher De Leon at namumuhay na mag-isa. Isa nang nanny si Ate Vi. Ang tema ng pelikulang ito ay tungkol sa kalungkutan ng isang pilipina sa banyagang bansa. Nagkaroon si Ate Vi ng karelasyon na mapagsamantala at ginamit lamang siya upang magkaroon ng green card katulad ng ginawa niya nuon dahil rito ay hindi na niya makuhang magtiwala sa mga lalaki. Matutuklasan niya na lesbiana pala siya dahil natutunan niyang mahalin ang kanyang kaibigang babae.

"Anak ni Miss X" - Isa na namang rebelasyon ang pelikulang ito kung saan gaganap si Ate Vi na isang bugaw sa sariling anak sa Armsterdam. Mula sa panulat ni Ricky Lee at sa direksyon muli ni Gil Portes, hanggang saan hahantong ang pag-e-ekpoytasyon ng ina sa kanyang sariling anak kung wala na dignidad at respetong nararamdaman nito upang malusutan lamang ang kahirapan ng mag-ina. Mula sa eskaparate, nahuli ang mag-ina dahil sa kakulangan sa permit at pagbabayad ng buwis. Nawalan ng permiso ang mag-ina sa pagbibili ng sex kung kya dumayo ito sa mga kalye at sa internet kung saan sari-saring lalaki ang mae-enkuwentro ng mag-ina. Sa isa sa mga gabi ay nakilala ng mag-ina sa Rick na isang ex-cop. Umibig si Rick sa anak ni Miss X at pinangako na pakakasalan ang anak nito. Dahil sa gustong maiba ang landas ng anak ay tinulak nito ang anak na sumama na sa ex-cop na ito. Hanggang sa matagpuan na lamang na bangkay sa may tabing ilog ang anak ni Miss X. Pighati, pagkamuot at paghihiganti ang nadama ni Miss X. Nagdaan ang panahon at patuloy niyang hinahanap ang lalaking pumatay sa kanyang anak. Naging masuwerte naman siya at nakita niya muli si Rick sa pamamagitan ng ilan sa mga bagong alaga ni Miss X. Tinorture ni Miss X ang lalaki at katulad ng ginawa sa anak ay itinapon sa ilog.

"Sinasamba Pa Rin Kita" - Hindi pala nagbago si Ate Vi, isa pa rin siyang maldita. Matapos ibigay si Christopher De Leon kay Lorna sa bandang huli ng naunang pelikula, inumpisahan ni Ate Vi na paikutin ang buhay ng dalawa sa kanya hanggang sa maging buong buo ang pagdedepende ng mga ito sa kanya. Naghiwalay si Christopher at Lorna nang malaman nito na buntis si Lorna at ang ama ay si Philip Salvador. Nagsama si Philip at Lorna ngunit pawang hirap at pagaaway lamang ang laging nangyayari sa kanila. Samatala si Christopher ay parang naging tau-tauhan ni Ate Vi. Nagpakasal sila at nagkaroon ng anak hanggang sa malaman nito na lihim na nagkikita si Christopher at Lorna. At ang masahol pa ay nang malaman ni Ate Vi na magnobyo ang anak ni Lorna at ni Ate Vi! Ala Charito at Lisa Lorena ang tagpo ni Ate Vi at Lorna rito. Ang sabi ni Ate Vi: "you always make a point na ako ang nang-aapi at kayo ang naaapi! Paano naman ako?"

"Tagos Ng Dugo 2" - After spending time in the jail, lumabas na po ng kulungan si Ate Vi. Patay na ang mga taong umaruga sa kanya at bumalik na siya sa bahay (oo, duon sa bahay na maraming ipis) kung saan makikita niya muli ang mga damit at buhok na ginamit niya sa pagpatay. Nag-umpisa muling pumatay si Fina ngunit makikilala niya si Ruben, isang tahimik at tapat na kasintahan. Hindi alam ni Fina, katulad niya si Ruben ay may nakaraan rin at magsasalpukan ang kanilang lihim. Papatayin nila ang isat isa.

Christmas Wishes

"God bless your heart this Christmas Day. God bless your home with joys that stay. God bless your friends and loved ones dear. God bless and keep you all New Year! A blessed Christmas and a grace-filled New Year to you, Mayor Ate Vi, your family and the Vilmanian Family. You will all be remembered in my Masses on Christmas Day. In the Child Jesus." - **Fr. J**

"For ATE VI: 1. Rest in politics even for only one term, 2. More movies and TV shows in the coming years & 3. Good health for her & her loved ones. For THE VILMANIANS: 1. Continue to have stronger(family) ties; more happy bondings together. 2. May we have more opportunities to help those in need. 3. May the planned AVID push through next year." - **Irene Mangubat**

"Wish for Ate Vi: 1. Good Health 2. Another International Best Actress trophy 3. More TV commercials." - **Franco Gabriel**

"Dear Ate Vi & Family, Wising you a very Happy Christmas. May The Lord bless you & your loved ones with love, joy ang peace this Christmas & every day of the New Year (2007). I/We love you, Ate Vi! Para sa kapamilya Vilmanian, Wishing you all a..Merry2x Christmas & May the New Year 2007 be filled with over flowing blessings." - **Josie Cohen-Eugenio**

"I wish Ate Vi , love, peace and harmony within her family. I wish too that she will be guided accordingly with her decision as to whether she will run for another public office next year or just concentrate on her showbiz career. Though whatever she decides we will always be backing her up 100 %. Take care" - **Julie Haglund**

"Ate Vi, a hearthfelt prayer that God bless you and your family with happiness and grace-filled Christmas. Wishing you good health and the best of everything throughout the year.More movies and a teleserye. A BLESSED CHRISTMAS AND A JOYOUS NEW YEAR!" - **Willie Fernandez**

"Hi Ate Vi, Wishing you all the joy of the season. Good Health and lots of happiness. Love,"- **ALAN Trambulo**

"...my Christmas wishes for Ate Vi. That she wins one or all of the following prestigious awards to cap her glorious and thrilling dual careers." - **Mario O. Garces**

"Advanced Merry Christmas" - (text ni Master Joey sa kapamilya Vilmanians) - **Master Joey** courtesy of Noel Deguzman

"Let me be the first one to greet you...Merry Christmas and a Prosperous New Year!" - **Jojo Terencio**

"Sa lahat ng kapamilya...Maligayang Pasko at Masagang Bagong Taon sa inyong lahat! Ganuon din ang pagbati ko para sa pinakamamahal kong idolo, si Ate Vi at ang kanyang pamilya… Sana magbalik pelikula ka na at maraming naghihintay sa iyong magagandang proyekto. Hiling ko rin na sanay manatili kang malusog at mapagmahal sa iyong mga tagahanga." - **Rendt Viray**

"Hello mga Kapamilya at Kapuso, Maligayang Pasko po sa inyong lahat. Nawa'y maging puspos ng pagpapala ang Kapaskuhang ito sa lahat ng mga Vilmanians, and especially to our dearest Ate Vi and her family...Muli, maligayang Pasko po sa lahat." - **Charles "dubai" Gomez**

"...for Ate Vi: Good Health for the whole family and continuous guidance from the Lord...for our fellow Vilmanians: Complete happiness inside out and keep the good spirit on the move all the time. Peace, Love and Unity to all mankind, o di ba pang Miss Universe!" - **Ed Lozano**

Merry Christmas and a Happy New Year To All!

{ Gallery }

2005

2006

2006

2006

THE GLAMOROUS LIFE OF MS. VILMA SANTOS RECTO

{ Gallery }

THE GLAMOROUS LIFE OF MS. VILMA SANTOS

{ Exclusive }

BALIK TANAW
(MINI SURVEY PART 1 TO PART 25)

Ni Noel Deguzman

BUWAN ng Mayo 2006 ng ako'y maging aktibo sa egroups, pero matagal-tagal na rin naman akong nag member dito, katunayan si Bro. Franco (Gabriel) ang nanghikayat sa inyong lingkod para mag join ako sa grupo at di naman ako nagkamali ng desisyon, talaga naman napatunayan kong napakasaya at napakasarap na maging bahagi ng Kapamilya Vilmanians , damang-dama ko ang kapatiran , pagkakaisa at pagmamahalan sa grupo. Nakilala ako bilang Newspatrol ng mga Vilmanians , isa kasi ako sa walang sawang naghahatid ng mga balitang VILMA mula sa ibat-ibang pahayagan, isa rin ako sa tagahatid ng mga balita kapag may activities at happenings ang mga Kapamilya dito sa Pinas, bukod sa pagiging Newspatrol, ako din ang nagpatuloy ng mini survey sa grupo na sinimulan ni Bro. Franco, siya ang naghatid sa atin ng kauna-unahan mini survey (Vilma to concentrate in Showbiz or in Politics?) at ito ang nagbigay sa akin ng inspirasyon para ipagpatuloy ko itong nasimulan ni Bro. Franco, siya ang dahilan kung bakit may isang Newspatrol at may Mini Surveys sa egroups. Kaya mga Kapatid samahan nyo akong gunitain at balikan ang mga nakaraan natin mini surveys.

Part 1 - Vilma to concentrate in Showbiz or in Politics.

Big win ang Showbiz dito with a big margin, sabi nga ni Ate Vi ng malaman niyang win ang Showbiz "siyempre mga Vilmanians ang bumoto" pinatunayan lang naman ng mga Vilmanians na miss na miss na nilang gumawa si Vilma ng pelikula o kaya ay magbalik na ito sa T.V. Pero magpahanggang ngayon ay wala pa rin kasagutan si Vilma kung tatakbo ba siya o hindi na at mag decide na mag concentrate na lang muna sa Showbiz pero kung ano man ang maging desisyon ni Vilma dapat natin siyang suportahan for our love to her!

Part 2 - Vilma for Senator or for Governor

Around 15 Kapamilya Vilmanians ang nag join sa survey na ito, sa 15 bumoto, 13 sa kanila ang gustong tumakbo si Vilma bilang Governor, 1 naman for Congresswoman at 1 ang ayaw kahit sa anong posisyon. Walang bumoto ng for Senator, ksi nga naman nandiyan pa si Sen. Ralph, bukod pa dito buti na yon maranasan muna ni Vilma ang pagka Congresswoman o pagka Governor, may kasabihan nga tayo na "slowly but surely."

Part 3 - Top 5 Movie Directors of Vilma!

12 Kapamilya Vilmanians ang bumoto dito, eto ang Top 5 Movie Directors of Vilma: Nanguna si Ismael Bernal na nakakuha ng 12 boto mula sa mga kapamilya natin, sumunod si Lino Brocka, na may 11boto, nag tie naman sa pangatlong puwesto sina Laurice Guillen at Chito Roño na may tig 9 na boto, pang apat na puwesto naman si Danny Zialcita na may 6 na boto at panglima naman si Mike de Leon na nakakuha ng 4 na boto. Bakit kaya nanguna si Ismael Bernal sa Top 5 Movie Directors ni Vilma, siguro sa kadahilanan si Direk Ismael ang unang nakapagbigay ng Grand Slam kay Vilma, at katunayan si Direk Bernal ang may pinakamaraming Pinaka Best Pinoy Movies of 80's kabilang na nga rito ang "Relasyon". Siya rin ang naging Director ni Vilma sa Pahiram ng Isang Umaga" at "Broken Marriage" na umani ng mga papuri at nakapagbigay din kay Vilma ng Best Actress award sa ilan award giving bodies.

Part 4 - Favorite T.V. Show & Favorite T.V. Commercial!

Siyempre pa win ang 'VILMA' dito na nakakuha ng 10 boto, di ba namayagpag ito ng husto at naging consistent No. 1 sa rating, kaya nga bat binansagan si Vilma na "Central Bank of GMA 7" napakarami kasing kadatungan ang ipinasok ng show na 'VILMA', aba ikaw ba naman ang maging consistent top rater ng GMA 7 , natural na papasukin ito ng mga commercials at sponsor. Around 13 Vilmanians ang bumoto dito, bukod sa 10 bumoto sa para sa Vilma Show, may nakuhang 2 boto naman ang nakuha ng 'D Sensations' at isang (1) boto naman ang VIP (Vilma In Person). Sa Favorite T.V. commercial naman ni Vilma, win ang Eskinol na nakakuha ng 8 boto, aba si Vilma yata ang pinakamatagal na endorser ng Eskinol huh! at malay natin baka kuhanin pa ulit siya nito sa darating na araw. Around 12 Vilmanians ang bumoto dito, kung saan 4 sa kanila ay Lux commercial ni Vi ang ibinoto.

Part 5 - Top 10 Movie Theme Songs of Ate Vi!

Breaking the record ang survey na ito. Aba around 20 Kapamilya Vilmanians ang nag join dito at eto ang Top 10 Movie Theme Songs of Ate Vi:

1. Sinasamba Kita - 19 votes
2. Tubig at Langis - 18 votes
3. Bato sa Buhangin - 16 votes
4. TIE: Dito Ba?; Gaano Kadalas Ang Minsan? - 15 votes
5. Paano Ba Ang Mangarap? - 14 votes
6. Dahil Mahal Kita - 10 votes
7. Pag-Puti ng Uwak, Pag Itim ng Tagak - 9 votes
8. TIE: Anak; Ipagpatawad Mo - 8 votes
9. TIE: Hanggan; Sanay Maulit Muli - 7 votes
10. Minsan Pa Natin Hagkan Ang Nakaraan - 5 votes

So hayan ang Top 10 Movie Themesongs ni Vilma na pawang mga award winning songs at mga tophits, katunayan karamihan sa mga kantang ito ay napapa kingan pa rin natin magpa hanggang ngayon.

Part 6 - Favorite Songs of Ate Vi!

Around 9 Kapamilya Vilmanians ang bumoto dito, pero may bumoto na mahigit sa isang kanta ni Vilma. Ano-ano nga ba ang mga paboritong kanta ni Vilma ng mga Vilmanians:
1. Sixteen - na nakakuha ng 6 votes; 2. Palung Palo - 3 votes; 3. Sad Movies – 2 votes; 4. Bobby! Bobby! Bobby - 2 votes; 5. The Bird and the Bees – 2 votes; 6. Sealed with a Kiss - 2 votes. **>>>**

Sixteen pala ang pinaka maraming nakuhang boto, actually eto rin ang pinaka paboritong kanta ni Vilma para sa akin, tatak Vilma Santos talaga, napapaawit at naapapaindak ako kapag narinig ko itong Sixteen ni Ate Vi, at magpahanggang ngayon ay pinatutugtog pa rin ito sa ilan radio station.

Part 7 - Ang Pinakamabentang Celebrity Endorsers

Sa Pinaka ni Pia Guiano ay na eh feature itong Ang Pinakamabentang Endorsers, nasa no. 8 spot lang si Vilma kaya maraming nag react na mga kapamilya natin, kaya naman nag decide akong mag pa survey kung satisfied na sila na mapabilang sa no. 8 position lang si Vilma bilang pinakamabentang celebrity endorsers. Around 13 Vilmanians ang bumoto para sa survey na ito, 9 sa kanila na satisfied na para kay Vilma bilang pang 8 pinakamabentang celebrity endorsers, pero bilang tagahanga ni Vilma mas gusto nilang nasa no. 1 to no. 5 spots si Vilma, 4 naman ang bumoto at sinabing satisfied na sila kahit na pang 8th spot si Vilma dahil sa mga kasabayan niyang Senior stars siya lang ang napasama sa Top 10.

Part 8 - Who will be the next Vilma Santos?

Around 10 Kapamilya Vilmanians ang bumoto dito. Win si Claudine Barreto na nakakuha ng 7 boto, para sa kanila magaling at versatile actress ni Claudine tulad ni Vilma, siya din ang personal choice ni Vilma na susunod sa yapak niya bilang isang matagumpay na artista.

Part 9 - Gusto nyo bang magsama sina Vilma at Nora sa isang Pelikula?

Sa 16 na bumoto sa survey na ito 14 ang ayaw ng magsama pa silang dalawa, dahil sa nagsama na silang dalawa noon, na wala na daw silang dapat pang patunayan . Sabi naman ng iba, di na ito napapanahon para magsama silang dalawa, baka daw pag di kumita ito si Vilma pa ang sisihin at kung kikita naman daw ang pelikula ay baka kay Nora lang mapunta ang credit kaya mas gugustuhin pa nilang wag na lang silang magsama pa. Dapat daw patunayan muna ni Nora na may box office appeal pa siya bago siya gumawa ulit ng another movie with Vilma.

Part 10 - Sino sa mga artistang babae at lalake (young o di gaanong young) ang gusto nyong makasama ni Vilma sa Pelikula Niya?

Nanguna si Sharon Cuneta at Kris Aquino na nakakuha ng tig 9 na boto, malaki talaga ang naitulong ng pagiging Vilmanian ng dalawa, ngayon ako naniniwalang ang mga Sharonians ay maka Vilma at ang mga Vilmanians ay maka Sharon din, ganoon din siguro sa mga fans ni Kris Aquino. 12 Kapamilya Vilmanians ang nag participate sa survey na ito.

Part 11 - My Dream Role for Vilma!

Ano nga ba ang dream role ng atin mga kapatid para kay Vilma, around 18 kapamilya Vilmanians ang nag participate para sa Survey na ito, 3 sa kanila ang may gustong Battered Wife, at 2 naman ang may gustong True Blooded Lesbian ang maging role ni Vilma sa susunod niyang pelikula.

Part 12 - My Dream Commercial For Ate Vi !

Sa survey na ito 14 ang mga bumoto, nag tie ang Phil. Airlines at Phil Tourism na nakakuha ng tig 3 boto, at nakakuha naman ng tig isang boto ang mga sumusunod na dream commercial for Ate Vi: Eskinol, Jollibee, Phil. Movie Industry, Hallmark Greeting Card, Sport wear, Nescafe, Kodak, Sony.

Part 13 - Gusto nyo bang kumandidato si Vilma bilang Mayor ng Makati?

Sa 13 bumoto, 12 ay ayaw ng kumandidato pa si Vilma bilang mayor ng Makati, at 1 ay gusto siyang kumandidato dito, sa 12 bumoto ng No, 8 sa kanila ay gustong Governador ang takbuhin ni Vilma at 4 ay Congresswoman. Ano nga kaya ang posisyon tatakbuhin ni Mayor Vi kung saka sakaling mag decide siyang tatakbo muli sa 2007 election? Abangan na lang natin ito.

